# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 39

"10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.11Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin. 12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:10-12)

"12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:10-12) Sa mga naghihirap dahil sa katuwiran, na naghihirap dahil sila'y hindi nagkakasala laban sa kanilang konsensya, at sa nagpapakasakit para sa paggawa niyaon kung saan ay tama sila'y isa sa pinagpala. Samakatuwid alang alang sa Diyos at Kanyang Cristo kailangan nating magpakasakit sa kahihiyan, sapagkat ito talaga si Cristo at ang Kanyang katuwiran na sinsiraang puri, kinumumuhian at inuusig.

Alang alang sa bahay ng Diyos at sa Kanyang gawain  kailangan nating kayanin ang panggigipit ng paguusig. Ang layunin ng kaaway ng Diyos kapag inuusig niya tayo ay upang pigilan ang gawain ng Diyos, kaya naman kailangan magtiyaga sa panahon na tayo'y nilulusob sa gayo'y ang gawain ng Diyos ay hindi magdanas ng pinsala, at dalhin sa ating isip na ang Diyos ay may itinagong ganting-pala sa atin sa Langit habang handa tayo'y ipagpatuloy na gawin ang gawain ng Diyos.. "12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:12)

"Sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo; : Si David ay siniraan at inusig. "Sapagka't napuspos ako ng sikap sa iyong bahay; at ang mga pagduwahagi nila na nagsisiduwahagi sa iyo ay nangahulog sa akin." (Awit 69:9) Alang alang sa bahay ng Diyos ako ay pinagusig at tiniis ko at nagpatuloy tiisin ang lahat ng paninirang puri para kay Cristo.  "36 Gaya ng nasusulat, Dahil sa iyo kami'y pinapatay sa buong araw; Kami ay nabilang na parang mga tupa sa patayan." (Roma 8:36) Ako at ang aking pamilya ay mabigat na pinaratangan, siniraan at nilapastangan, pinakitunguhan ng masama, ngunit aming kinaya at tiniis ito para kay Cristo at sa Kanyang simbahan. Sa bawat idolo na aking tinuligsa ako ay pinaguusig at masamang pinakikitunguhan. Ako ay pinaguusig sa pagtuligsa ng pagdiriwang ng kaarawan, ako ay tinanggihan nang aking tinuligsa ang Christmas tree at dekorasyon ng Pasko, ako ay pinagusig at masamang pinakitunguhan nang aking tinuligsa ang Pasko at Bagong Taon ng pagdiriwang, ako ay tinanggihan nang aking tinuligsa ang kasintahang lalaki at kasintahang babae, at ako pinakitungan ng masamang paraan nang aking tinuligsa ang araw ng ama at ina, Halloween,  araw ng nga puso at ang lahat ng mga idolo ng sanglibutang ito.

Ilagay sa iyong isip na sa bawat kuta ng diablo na iyong tinutuligsa, at sa bawat diosdiosan na pinapaluguran ng mga tao at ipinagdiriwang kapag inalis mo at tinanggihan ikaw ay lulusubin at lalabanan pabalik ng diablo upang saktan ka, pinsalain ka, at panghinaan ka ng loob upang ikaw ay mapilitang tumigil at sa ganoong paraan ang mga tao na nilinlang ng diablo ay patuloy na nasa pagkaalipin. Sa gayon kailangan mong tiisin ang panggigipit ng paguusig upang ang gawain ng Diyos ay magpatuloy at sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo ay itataas tayo.

Sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo; Minsan sa mga umuusig  sa atin sila'y susumpain tayo harap harapan gaya ni Shemei ay sinumpa si David; minsan susumpain nila tayo sa likuran natin, gaya ng ginawa ng mga kaaway ni Jeremiah. Pinagusig nila si Isaiah, Zechariah, at ang iba; kung saan nakita, na dapat mapunta sa mga alagad at sa atin ngayon ng pinaguusig ay hindi bagong paraan ng isang kakaibang bagay, kundi ito ay maramin ang mga alagad ng Diyos habang tayo'y magpapatuloy ng ating buhay para kay Cristo.

Sinabi ni Jesus, sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo.":  Ang mga propeta  na kung saan dati at mga alagad ay pinagusig, at yaon ang nagbigay sa kanila ng kahusayan; sila'y dating mga alagad noong panahon at sila'y mabuting halimbawa sa mga alagad na nasa pagdurusa, paghihirap at sa pagpapahinuhod, ar kahit sa atin ngayon,  "Kunan ninyong halimbawa ng pagbabata at ng pagtitiis, mga kapatid, ang mga propeta na nagsipagsalita sa pangalan ng Panginoon." (Santiago 5:10) Itong mga propeta ng Diyos ay kagaya ng paraan ng paguusig at pangaabuso; at kung paano mo aasahn na pupunta sa Langit sa paraan ng iyong sarili ng walang paguusig? hindi ba kinutya si Eliseo sa kanyang kalbo na buhok," Sila'y umawit ng gaya niyaon sa kanyan dahil ayaw nila siyang makita, kaya silang umaawit sa kanya upang umakyat sa Langit gaya ni Elias ay umakyat bago sa kanya sa langit. Sa gayon huwag mamangha o isaalang alang ito ng isang kakaibang bagay kapag ang mga tao ay tinuya ka at nagsalita ng masama sayo. Huwag magreklamo, na para bang mahirap na bagay; ito ay isang kaginhawaan na makita ang iyong sarili sa paraan ng pagdurusa na inilagay sayo ng Diyos doon. Ang mga propeta na nauna sa atin ay mabuting halimbawa upang parangalan at sundin, at higit sa kanilang lahat ay ang ating Panginoong JesuCristo. Ang biyaya ay sapat para sa kanila, upang dalhin sila sa pamamagitan ng kanilang pagdurusa, hindi magkukulang sa atin ngayon.  Ang parehong biyaya ay tutulong sa atin upang magtiyaga sa pagtitiis ng ministerio ng Diyos at sa pamumuhay ng ating buhay upang gawin ang buong kalooban ng Diyos.

Kapag ating ipinapahayag ang buong kalooban ng Diyos sa buong sanglibutan tayo ay nagiging mga propeta ng Diyos. Sila na ating mga kaaway ay binhi at tagapagmana niya silang matanda na tumuya at pinagusig ang mga tagapagbalita ng Panginoon.  "16 Nguni't kanilang tinuya ang mga sugo ng Dios, at niwalang kabuluhan ang kaniyang mga salita, at dinusta ang kaniyang mga propeta hanggang sa ang pagiinit ng Panginoon ay bumugso laban sa kaniyang bayan hanggang sa mawalan ng kagamutan." (2 Cronica 36:16) At ito ang sinabi ni Esteban sa kanila bago siy ay binato:  "52 Alin sa mga propeta ang hindi pinagusig ng inyong mga magulang? at kanilang pinatay ang nangagpahayag ng una ng pagdating ng Matuwid na Ito; na sa kaniya'y kayo ngayon ay nangaging mga tagapagkanulo at mamamatay-tao; " (Mga Gawa 7:52)

Hahayaan din ng Diyos ang paguusig upang subukin ang ating pananampalataya at tingnan kung paanong tayo ay dalisay sa ating paglakad at motibo sa Kanya. Sa talinghaga ng manghahsik sinalita ni Jesus ang tungkol sa binhi na nahulog sa mabatong lupa, "5At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa: 6At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo, "20At ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita, at pagdaka'y tinatanggap ito ng buong galak; 21Gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya." (Mateo 13:5-6, 20-21) Sinabi ni Jesus sa mga pinaguusig at nasa kaguluhan dahil sa Salita ng Diyos sila'y masasaktam at malulungkot. Oo totoo, ang paguusig ay magdudulot sa atin ng pagtanggi, ng pagkawala ng pananalapi, sakit, kasayangan ng oras, kasayangan sa ilang pagkakataon, pisikal na pananakit, ibat ibang trauma kahit emosyonal na pananakit, pagkawala ng materyal, at kahit na maaring magdulot sa atin ng kamatayan. Ang paguusig ay maaring magdulot sa ibang tao na tumigil at ayaw maglingkod dahil ng pagkabigo na idinulot ng paguusig sa kanila, sa gayon kailangan nating maging alisto at gumawa ng matatag na desisyon na ang paguusig ay hindi magdudulot sa atin na mahadlangan o masaktan at tumalikod mula sa Diyos at mula sa paglilingkod sa Kanya.

Mula sa Mateo 13:5-6, 20-21, ating mauunawaan na ang paguusig at kapighatian ay magkakaroon ng masamang epekto sa buhay ng mga alagad ni Jesus kapag sila ay walang ugat, gaya ng sinabi ng Salita ng Diyos, "Gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili".
Sa gayon kailangan nating tukuyin at sagutin ang tanong na ito: paanong ang ugat ay maaring umunlad sa ating buhay? Dahil bumubuo tayo ng ugat tayo ay magtatagumpay sa pagdaan sa paguusig. Ang sumusunod ay mga hakbang upang paunlarin ang ugat upang harapin ang paguusig.

1. Ilagay mo sa iyong isip na hindi mo maiiwasan ang paguusig: kailangan mong pagdaanan ito.

2. Ang paguusig ay kailangan para sayo upang pagdaanan sapagkat ang Salita ng Diyos ay nagsasabi ang Kaharian ng Diyos ay para sa kanilang sa mga pinaguusig. "10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:10) Kaya kung ikaw ay nabubuhay sa iyong buhay sa paraan na iniiwasan ang paguusig sa gayon ikaw ay mawawala mula sa Kaharian ng Diyos. Hindi ko sinasabi na kailangan mong itapon ang iyong sarili sa paguusig, ngunit kapag ikaw ay naglilingkod sa Diyos at ito ay nangyari ito ay bahagi ng ministerio at hindi ka maaring magbitiw sa ministerio o magisip na tumigil sa paglilingkod sa Diyos dahil sa paguusig, kundi kailangan mong magpatuloy.

3. Pamumuhay at paglago sa Salita ng Diyos: Ngayon habang ang ugat ay lumalago sa lupa at nagiging mahaba upang makakuha ng tubig at sustansya sa halaman, sa parehong paraan kailangan mong lumago ng malalim sa Salita ng Diyos upang makakuha ng sapat at ipinag-uutos na pagpapakain upang madaanan ang pag-uusig. Hahayaan ng Diyos ang paguusig upang iyong maunawaan na kailangan mong magkaraoon ng ugat sa sa Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay magbibigay sayo ng kalusugan na kailangan mo upang kayanin ang panggigipit ng paguusig. Samakatuwid sa araw araw na pagbabasa at pagninilay ng Salita ng Diyos ay mahalaga. Isang talata o kahit ilang nga talata ay hindi sapat, hindi sapat din kahit isang kabanata, bagkus kailangan mong magbasa ng higit, umaga at gabi. Kailangan mong magbasa at magnilay at tumalima. Ito ay makakapaghanda at magpapalakas sayo kapag ikaw ay nilusob ng diablo. Huwag mong sabihin na hindi mo kayang magbasa araw araw. Bakit ang mga tao ay nakakasubaybay sa lagusan ng mga balita umaga at gabi bakit hindi nila panatilihing magbasa ng Salita ng Diyos upang palakasin.

4. Iwasan ang makamundo at makamundong mga kaibigan dahil sa ganoong mga bagay ay magbabago ang iyong isip at mararamdaman mo na ang paguusig ay isang bagay na kakaiba sayo upang pagdaanan. Iwasan ang ganoong kamunduhan at makamundong mga kaibigan nalalaman na mula sa aklat ni Santiago na yaong kaibigan ng sanglibutan ay kaaway ng Diyos. "4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios." (Santiago 4:4) Ang mga kaibigan ay tuturuan ka upang makipagkompromiso at maghihikayat sayo na umiwas sa pagkuha ng makaDiyos na desisyon at sa huli ay hihila sayo palayo mula sa daan na inihanda kg Diyos para sayo upang pagdaanan.

5. Sa pagsasanay at pamumuhay sa Salita ng Diyos ang ilang mga katuruan ay makikita sa iyong buhay, gaya ng bunga ng Banal na Espiritu, ang mabuting tagapamahala, pagpasok sa pamamagitan ng makipot na pintuan, at kahandaan upang magdusa, ang buhay ng pananalangin at pagaayuno; ang ganoong katuruan ay maghahanda sayo sa espirituwal at sa materyal na kapag ang paguusig ay dumating ikaw ay handa upang harapin ito at pagdaanan ito.

6. Ang buhay ng pananalangin at pagaayuno: Bawat tao ay kailangan makisali sa pangaraw araw na pananalangin. Araw araw na ilagay ang buong baluti ng Diyos. "10 Sa katapustapusa'y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan. 11 Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. 12 Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. 13 Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. 14 Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran, 15A t ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan; 16 Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama. 17 At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios:18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal, 19 At sa akin, upang ako'y pagkalooban ng pananalita sa pagbubuka ng aking bibig, upang ipakilalang may katapangan ang hiwaga ng evangelio, 20 Na dahil dito ako'y isang sugong

natatanikalaan; upang sa ganito ako'y magsalita na may katapangan gaya ng nararapat na aking salitain."(Epeso 6:10-20) Bawat indibidwal at bawat pamilya ay kailangang makisali sa pang araw araw na pagkakaisa sa pananalangin, hanggang maari isang araw sa isang linggo pagsusumamo sa Diyos upang malampasan ang kasalukuyang hinaharap na mga pangyayari na iyong pamilya, ang ministerio at ang Simbahan ng Diyos ay dumadaan. Sa wakas ang pananalangin at pagaayuno at araw araw na paglalagay ng buong sandata ng Diyos ay makakagawa sayo bilang indibidwal at bilang isang simbahan upang makalampas at magpatuloy na gawin ang gawain ng Diyos at mapanatili sa kabila ng paguusig.

7. Araw araw kang manalangin para sa iyong maling katangian upang maalis. (galit, pagdududa,pagaalala, kalungkutan, katamaran, sobrang tulog, walang kasiyahan, pagmamataas, atbp) ang masamang katangiang ito ay isa na nakakagawa sayo na magsalita ng masama patungo sa paguusig at makagawa sayo ng hindi pamumunga sa Diyos at sa Kanyang Kaharian.

8. Paunlarin ang bunga ng Banal na Espiritu: araw araw mong ipanalangain yaon. "22Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23) Hinggin sa Diyos na bigyan ka ng pagpapahinuhod, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili, pananampalataya, katapatan, kahinahunan, kabutihan, pagkabukas palad, upang kapag ang paguusig ay dumating sayo hindi ka magsasalita at masasaktan at gumanti kundi ikaw ay kikilos ng maayos upang magpatuloy sa iyong misyon upang magpatuloy na mangaral at ikalat ang Salita ng Diyos.

9. Manalangin upang pusposin o mapuspos ng Banal na Espiritu, upang tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ito ay nangangahulugan na mayroon kang Banal na Espiritu, ganon din na ang Banal na Espiritu ay nasasa iyo. Na nangangahulugan na ikaw ay kinokontrol ng Banal na Espiritu.

Sa aking mahal at minamahal: Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi. Ipahayag ang lahat ng iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Isuko ang iyong buhay ng buo sa Panginoon. Apat na pangunahing bagay mula sa aking karanasan sa mga tao ay ayaw isuko sa Diyos, Una sa larangan ng edukasyon sa kung ano at anong lebel na kailangan nilang pagaralan, Pangalawa, kung kanino nila nais mag asawa, Pangatlo, sa kung saang lugar nila kailangan mabuhay, Pang apat, ang pamumuhay na kailangan nilang isabuhay.

Habang tayo'y nagtitiwala sa Diyos, Hindi lamang ililigtas Niya tayo kundi ganon din babaguhin Niya ang mga to, kahit sa mga naguusig sa atin at dadalhin sila sa Kanyang panig. Pagpapalan Niya din tayo at makakaya natin magpatuloy na maglingkod sa Kanya at ikalat ang Kanyang Salita sa buong sanglibutan at sa susunod na susunod na henerasyon.

Ang aking panalangin:

Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayn nung ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagawa kong makita ng malinaw ang paraan na kailangam kong pagdaannan upang makaya kong malampasan at mabuhay ng matagumpay alang alang sa iyong pangalan kayanin ang paguusig ng magtagumpay at sa pagdadala ng Salita sa iba at kahit sa dulo ng sanglibutan at sa susunod na henerasyon.

Ipahayag sa Diyos ang iyong mga kasalanan at talikuran ang iyong pagmamataas, galit, sama ng loob, pagrereklamo, pagdududa, pag aalala, katamaran, sobrang pagtulog, kamunduhan, makamundong kaibigan, ang iyong walang katapatan, at walang kasiyahan.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong walang kahandaan na pagusigin. Hinggin sa Diyos para sa iyong pagmamataas galit, sama ng loob, pagrereklamo, pagdududa, pag aalala, katamaran, sobrang pagtulog, kamunduhan, makamundong kaibigan, ang iyong walang katapatan, at walang kasiyahan.

Isuko ang iyong buhay at ang iyong buong kalooban sa Panginoon. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kalakasan at kapangyarihan upang tiisin ang panggigipit at ang iba't ibang sakit sa panahon ng buong pagsubok ng paguusig. Hinggin sa Diyos na bigyan ka ng bunga ng Banal na Espiritu, at hinggin kay Jesus na bautismuhan ka ng Banal na Espiritu at magkaraoon ka ng kaganapan sa Kanya.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito na maging isang mabuting halimbawa sa iba na nakapaligid sa akin na hindi ka nakikilala. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at kahinuhuran upang tiisin ang sakit at pagdurusa habang ako'y naghihintay sa iyong himala upang iligtas ako mula sa kanilang pananakit at mapaminsalang mga gawa. Panginoon ako'y makikipagtrabaho sayo upang paunlarin ang bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabutihan, kahinahunan, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili, pananampalataya, katapatan, kahinahunan, kabutihan at pagbubukas palad.

Panginoon pusposin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at magkaroon ng kaganapan sayo. Aking isinusuko ang aking buhay ng ganap sayo, Panginoon bigyan ako ng kaloob na Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglinkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ikalat ang Salita at turuan ang mga handang sumunod sayo.

Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay para sayo, na salitain ang iyong Salita at usigin alang alang sa iyong katuwiran. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon iligtas sila mula sa oras ng masama. Panginoon gumawa ka ng himala sa kanila at pagan dapatin mong magtiyaga sa paglilingkod sayo. Panginoon bigyan sila ng kagalakan, kaginhawaan, katiyakan at kapayapaan. Panginoon bisitahin sila gaya ng pagbisita at pagaliw mo sa iyong mga disipolo at mga propeta na pinagusig. Panginoon iligtas sila. Panginoon patunayan sa kanilang mga manguusig na ikaw ay totoong Diyos at sila'y iyong mga alagad.

Panginoon aliwin sila, itaas sila, at itaguyod sila ng iyong biyaya sa panahon ng paguusig, habang sila'y handang magebanghelyo, magsimula ng bagong pagaaral ng Bibliya at magtanim ng bagong kapisanan. Panginoon gantimpalaan sila at pagpalain sila para sa paguusig na kanilang natatanggap at pagtitiis para sa iyong pangalan.

Panginoon pagpalain at panatilihin ang aming simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin na magpatuloy na maglingkod sayo at gawin ang iyong gawain at kalooban. Panginoon protektahan kami mula sa mga namumuhi sa amin dahil sa iyong Salita at sa nagnanais na maghiganti sa amin. Panginoon iligtas kami, iligtas kami sa mga kasakitan at mga kaguluhan. Panginoon bigyan kami ng higit ng kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na paging dapatin mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com